# ANG BANGKAY

**ANG MGA TAUHAN**

**Señor Segismundo Corintho (55 taong gulang)**

**Isabel Corintho (25 taong gulang)**

**Miding (54 taong gulang)**

**Oryang (30 taong gulang)**

**Lemuel Alonzo (26 taong gulang)**

**ANG ISTORYA**

*Ang kuwento ay naganap sa mga unang buwan ng 1899, sa panahon ng pagsisimula ng Digmaang Pilipinas at Amerika sa hangarin ng nauna na makamit ang kasarinlan pagkatapos ang deklarasyon ng Kalayaan buhat sa mahabang pananakop ng mga Kastila, sa ayuda na rin ng Amerika. Hindi pa nagaganap ang labanan sa Ilog Aringay at pag-okupa ng mga Amerikano sa La Union kaya't halos walang namamahala sa lugar. Isang malaking Funeraria na pag-aari ng Pamilyang Corintho ang nakatayo sa sentro ng Aringay (na noong panahong iyon ay sakop pa ng Pangasinan). Kamamatay pa lamang ng matriarka ng pamilya, na siyang ihahatid sa huling hantungan nina Señor Segismundo, isang panginoong lupa at may-ari ng Funeraria at ng kanyang nag-iisang anak na si Isabel. Maririnig ang tutog ng musikong ponebre sa simula ng dula. Bubukas ang ilaw at makikita ang tahanan ng Pamilya Corintho, sa likod ng opisina ng negosyong Funeraria.*

**ANG ENTABLADO**

*Isang marangyang tahanan na may mga muebles na gawa sa Narra. Sa kanang bahagi ng entablado ay makikita ang sala na punong-puno ng mga rebulto ng Poon at mga Santo. Makikita sa gitnang pader ang malaking larawan na pininta ng mag-asawang Segismundo at Milagros*

*Corintho. Mapapansin sa larawan na nakaupo sa malaking trono si Segismundo at nakatayo naman sa kanyang likuran si Milagros. Sa tabi ng larawan ay may malaking salamin na tila ba inabuhan. Maraming pintuan ang entablado. Sa pinaka-kanang bahagi ay ang pintuan papuntang labasan at sa pinaka-kaliwang bahagi ay pintuan papuntang Funeraria. Sa kaliwang bahagi ng entablado ay naroon ang silid ni Isabel na tila ba nababalutan ng telang aninag ang looban kung iilawan. Napapalibutan din ng mga bintana ang buong tahanan ngunit mapapansing nakasara ang lahat ng ito.*

## UNANG YUGTO

### UNANG TAGPO

*Papasok si Miding. Sisipatin ang buong kabahayan.*

MIDING: Oryang! Oryang! Ay sus, Gregoria!

*Papasok si Oryang, may dalang walis.*

ORYANG: Po?

MIDING: Hanggang ngayon pala'y hindi pa nawawalisan. Hindi ka talaga kailanman matututo.

ORYANG: Eto na nga po't sisimulan na.

*Magsisimulang magwalis si Oryang.*

MIDING: Wala kasing inatupag kundi ang pagtanaw sa tarangkahan. Tinapos pa ang pagdaan ng mga musiko bago pumasok. Talagang ubod ka ng landi.

*Pipingutin ni Miding ang tenga ni Oryang.*

ORYANG: Nana Miding, hindi ako tatandang dalaga kung makiri ako. Eto na nga't aabutan ko na ang edad nyo, pareho na tayong mamamatay nang nangangamuhan. Tinanaw ko lang naman ang karwahe ng Señora. Tinanaw ko hanggang sa pagliko sa patio. Naging mabait ang Señora sa akin.

MIDING: Ang alila'y walang karapatang magluksa. *(Yuyuko at sisipatin ang ilalim ng mga silya)* Kundi ba naman talagang wala sa isip mo ang pagtratrabaho, sinabi ko na sa iyong hindi lamang ang nakikita ng mga mata mo ang lilinisin mo. Talagang salaula ka! Tingnan mo nga ang sukal sa ilalim ng mga silya. Hindi ka na talaga matututo.

ORYANG: Sino ba naman kasi ang nakaisip ng ganitong pamahiin?

MIDING: Lapastangan kang landi ka. Hindi ka na nga marunong sa gawaing nagpapalamon sa yo sampu ng pamilya mo'y hindi ka pa marunong rumespeto sa sinasabi ng matatanda. Umalis ka na nga riyan, pinasasakit mo lamang ang ulo ko.

ORYANG: Hindi man lamang umiyak ang Señor.

MIDING: Anong sinasabi mo?

ORYANG: Ni isang patak ng luha. Nana Miding, wala, ni isang patak ng luha.

MIDING: Daldal.

ORYANG: Ni munting paghibik ay wala.

MIDING: Sino ang nagsabi sa 'yong maghapo't magdamag kang magmanman sa lahat ng ikinikilos ng mga tao dito? Lapastangan kang talaga, oo.

ORYANG: Sa isang taong mahigit ko dito'y hindi ko naman nakitang mag-asawa ang Señor at ang Señora. Para nga silang magkaaway. Kung kumain nama'y sabay, sa isang katre naman humihimlay, ngunit ni hindi ko nakitang nagtinginan sa mata sa mata ang mag-asawa. Kung mag-usap ay tipid ang mga salita. Naku, talagang hindi ko lubos na maisip na kayanin ng Señor na embalsamuhin ang sariling asawa. Nakakatindig

balahibo talaga, maniwala ka, Nana Miding. Oo nga't embalsamador ang Señor, kilalang pinakamahusay sa bayang ito. Sa tunog pa lamang ay alam mo na kung saan matatagpuan. Funeraria Corintho. Ay, sa bungad ng luwasan yan sa Caba, si Señor Segismundo Corintho ang may ari niyan. Primera klaseng embalsamador. Pati nga ang sa La Union at Aringay dumarayo pa, sige sa pagdadala ng mga bangkay. Ngunit gaano man kagaling ang embalsamador, sa isip ko pa lamang na hinihiwa nito ang dibdib ng sariling asawa'y talagang mahirap paniwalaan.

MIDING: *(Malakas na sigaw)* Gregoria!

ORYANG: Susmaryosep Nana Miding, kung makahiyaw ka'y tila hindi nagluluksa ang tahanang ito.

MIDING: Wala ka talagang preno.

ORYANG: Bakit ho ba?

MIDING: Ang Señor ay isang propesyunal na embalsamador. Sino ang nagbigay sa iyo ng katiting na karapatan para mangusap ng kung anu-ano?

ORYANG: Aba'y opinyon ko ho iyon. Ang pagtratrabaho sa Funeraria ay kaya kong tiisin. Hindi ako matatakutin sa bangkay, sa multo. Ngunit totoong nakakahindik ang pagpitas ng Señor ng atay, puso, baga ng Señora.

MIDING: Wala kang galang *(Sasampalin si Oryang)* Ang alila'y dapat pumirme sa dapat nitong pagpirmehan.

ORYANG: Nana Miding naman, laging ang gaan ng kamay niyo kung manampal. Pareho lamang naman tayong alila.

MIDING: Aba ang hayup na ito. *(Akmang sasampalin muli si Oryang)*

*Papasok si Señor Segismundo at Isabel buhat sa libing.*

SEÑOR: Miding!

ORYANG: Ang Señor.

SEÑOR: Wala kayong galang sa alaala ng namatay.

*Lalabas si Oryang.*

MIDING: Itong si Oryang, hindi pa natatapos ang trabaho'y inaatupag na ang kung anu-ano. Señor, mabilis lamang ang seremonya?

SEÑOR: Patay na, ano't patatagalin pa?

ISABEL: Papa, papasok na ako sa aking silid.

SEÑOR: Mamaya, Isabel.

*Muling papasok si Oryang.*

ORYANG: Señor, ang mga lalaki'y naghihintay.

SEÑOR: Ang mga timawa. Naabutan na ng kwarta'y umaasa pa ng kung anu-ano.

MIDING: May natira pang biscocho, Señor. Sandali lamang.

SEÑOR: Bigyan mo ng maiinom ang mga hayop. Kumuha ka ng alak sa pangalawang tukador, at serbesa na rin.

MIDING: Oryang, tulungan mo ako.

*Lalabas si Miding at Oryang.*

ISABEL: *(Tatayo)* Papa, pwede na ba akong magpahinga?

SEÑOR: Wala pang isang kilometro ang nilakad mo, Isabel.

ISABEL: Hindi naman po ako sa paglalakad napagod.

SEÑOR: Saan kung ganon, iha?

ISABEL: Papa.

SEÑOR: Masanay ka nang tayong dalawa na lang. Wala ka ng ina, kaya matuto kang magpakababae sa bahay na ito. Obligasyon mo ang pangalagaan ang tahanang ito, ang siguruhing nasa tama ang lahat ng bagay. Kung may natitirang oras ay tungkulin mo ang humanap ng mapagkakaabalahan sa negosyo. Obligasyon ng ina mo ang magbantay sa opisina, makipagusap sa mga parokyano, kausapin ang mambubulaklak at ang simbaha't sementeryo. Ngayo'y obligasyon mo na iyon. Mana ka sa ina mo, walang lakas ng loob na humawak ng bangkay, kaya't hindi kita inaasahang matuto sa labaratoryo. Sabay tayong magsisimba kapag lingo. At kung may pagkakatao'y maari tayong mamasyal sa bayan o sa Maynila kaya, isang beses isang buwan. May mga aklat ang Mama mo, maari mo iyong kunin sa kanyang tukador. Sa iyo na iyon. Kung hindi mo nais ay sunugin mo na. O ipamigay. Bahala ka. Gagamitin ko ang tukador niya kaya't bago ka magpahinga'y kunin mo na ang mga iyon. Ang mga damit niya'y hindi mo mapapakinabangan. Alam mong hindi kayo magkasukat. Ibigay mo na lamang kay Miding. Ang iba'y ipamigay mo sa pulubi o sa dukha.

Bakantehen mo na rin ang aparador. Hindi ko pa naman gagamitin, kaya lamang maaring gamitin ko rin sa nalalapit na panahon.

ISABEL: *(Umiiyak)* Papa.

SEÑOR: Punyeta! Hindi ka na ba nagsawa sa kakaiyak? May limang araw ka ng iyak ng iyak. Nais mo yatang pumutok ang mga mata mo!

ISABEL: Magpapahinga na ako, Papa.

SEÑOR: Hindi pa, Isabel.

ISABEL: Papa naman.

SEÑOR: Lumapit ka rito. Masakit ang ulo ko.

*Hahaltakin ng Señor ang kamay ni Isabel, ilalagay sa noo nito. Mamasahihin ni Isabel ang Señor. Umiiyak ito habang minamasahe ang Señor.*

SEÑOR: Totoong nakaririndi ang mga kamaganak ng Mama mo. Ang mga boses, tila parating may away. Ang dudumi ng mga sapatos hayu't kinakadkad pa sa sahig. Hindi marunong bumuhat ng mga paa. Kung kumilos ang lahat ay tila may pasan pasang krus o kaban ng bigas. Magdamag na naghuhuntahan ang mga hayop. Mga katkatero't katkatera. Lahat ay

napapansin. Bakit hindi ang pansinin nila ay ang mga buhay nilang wasak, palibhasa'y mga patay gutom, bagamundo't sugarol. Hindi nagiisip ng bukas, maniwala ka.

ISABEL: Papa, nais kong pumunta sa bayan bukas.

SEÑOR: Maling mali ang limang araw na burol. Nasalaula lamang ang Funeraria sa mga lintik na timawang iyan.

ISABEL: Kung magaral po kaya akong manahi?

SEÑOR: Kung ikaw ang tatao sa opisina'y huwag na huwag kang papayag sa limang araw na burol. Parati mong imungkahi ang tatlong araw, at huwag ng hihigit pa roon. Mas mabuti iha kung bago ang mga desisyon ay ipaalam mo muna sa akin.

ISABEL: Papa, magnenegosyo ako. Magtitinda ako ng mga damit. Sa bayan.

*Tatabigin ng Señor ang kamay ni Isabel.*

SEÑOR: Hindi ka ba nakikinig sa mga sinasabi ko? Wala kang panahon sa kaululan! Kanina pa ako bumabaybay ng lahat ng obligasyon mo sa tahanang ito, sa Funeraria Corintho, sa akin! Kung nakikinig ka'y hindi

mo na maiisip ang mga bagay na iyan. Sa negosyo lamang ay mauubusan ka na ng maghapon.

ISABEL: Papa, ayokong mapako sa Funeraria Corintho.

SEÑOR: Talagang saksakan ka ng tanga! Ang Funeraria ang nagpapalamon sa iyo, sa akin at sa ina mo.

ISABEL: Patay na ang Mama.

*Sandaling katahimikan.*

SEÑOR: Tama, kaya mas lalo kang magkaisip! Obligasyon mo na ang obligasyon ng Mama mo. Tapos ang usapan. Miding! Miding!

*Papasok si Miding.*

MIDING: Señor.

SEÑOR: Nariyan pa rin ba ang mga lalaki?

MIDING: Nariyan pa rin po Señor.

SEÑOR: Anong kakapal ng mga mukha. Si Oryang?

MIDING: Gregoria! Gregoria!

*Papasok si Oryang na humahagikhik.*

ORYANG: Po? Señor.

MIDING: Pulos kalandian ang inaasikaso mo, kiri!

SEÑOR: Silensyo!

*Katahimikan.*

SEÑOR: Miding. Gumawa kayo ng mga bagong kurtina. Iyong mula kisame hanggang sahig. Pulos itim o kaya nama'y abuhin. Bukas ay samahan mo si Isabel sa bayan. Mamili kayo ng mga baro't saya, pulos itim o kaya nama'y abuhin. Pati na rin mga belo. Bibigyan kita ng kuwarta, bumili kayo ng sampu hanggang labing dalawang terno. Makinig kayo. Tatlong taon tayong magluluksa, hindi ikakalag ang luksa hangga't hindi ko sinasabi, naiintindihan niyo? Walang lalabas ng tahanang ito ng hindi ko nalalaman. Lalong lalo ka na Isabel. Kung lalakarin mo ang mga sinabi kong obligasyones mo'y isama mo si Oryang. At kung lalabas ka nama'y huwag mong kalimutan ang belo sa ulo mo.

ISABEL: Papano pa akong makapag-aasawa niyan?

MIDING: Isabel!

ISABEL: Nana Miding, dalawampu't lima na ako, matandang dalaga na ako. Maaring di na ako magkaanak. Si Precisosa, ang kababata ko, sampung taon ng may asawa, sampung taon na ang panganay. Paano pa ako makakahabol?

SEÑOR: Bakit ka hahabol?

ISABEL: Papa, wala akong hilig sa negosyong ito. Ayoko ng mga patay, ng mga bangkay. Ayoko ng mga nagluluksa. Walang akong hilig sa Funeraria Corintho kaya't hindi ko na rin ipagpapatuloy ang negosyong ito kapag patay na kayo. Ano pa ang silbi ng mga obligasyong ipinapataw niyo sa akin?

MIDING: Isabel, wag kang swail sa ama mo.

ISABEL: Nana Miding, kayo ang nag-alaga sa akin alam ko, pero malaki na ako. Matanda na ako. Maari na akong paalpasan.

SEÑOR: Hindi ka susuway sa akin, Isabel. Nasa panahon tayo ng pighati kaya wala ni isa sa inyo ang mahuhulihan ko ng ngiti, ng kiri o ng landi.

*(Maririnig ang halakhakan ng mga lalaki sa labasan)* Putang ina niyo, hindi niyo na ginalang ang pagluluksan ng tahanang ito!

ISABEL: Papa!

MIDING: Oryang!

*Lalabas si Oryang sa tarangkahan ng tahanan. Sisigaw.*

ORYANG: Umalis na kayo! Umalis na kayo!

SEÑOR: Miding kunin mo ang rebolber ko't papaputukan ko ang mga hayup!

*Tutunguhin ni Miding ang pintuan papunta sa silid ng Señor .*

ORYANG: *(Buhat sa labas)* Umalis na kayo. Pagpasensyahan niyo na ang Señor. Bilisan niyo!

SEÑOR: Putang ina, Miding!

*Papasok si Miding sa sala, iaabot ang baril sa Señor.*

MIDING: Eto na po, Señor.

ISABEL: Papa!

*Bubuksan ng Señor ang pintuan itututok ang baril, na siya namang pagpasok ni Oryang. Mapapahiyaw si Oryang ng malakas.*

ORYANG: Wala na po ang mga lalaki. Karipas po ng takbo ang iba. Maniwala kayo, Señor, wala na po ni isa.

MIDING: Akin na ang baril, Señor. Wala na ang mga lalaki.

*Ibibigay ng Señor ang baril.*

SEÑOR: Nakita niyo na. Mamamatay ang sinumang susuway sa batas ng tahanang ito. Isabel! Wala na ang ina mo, kaya't wala ng magtatanggol sa iyo. Sulong sa silid mo!

MIDING: Isabel. Ikaw na ang magtago ng baril. Ilagay mo sa ilalim ng kama mo. Baka makapatay pa ang Papa mo.

*Tatakbong sa kanyang silid si Isabel.*

ORYANG: Lilinisin ko lamang po ang azotea, Señor.

SEÑOR: Sulong!

ORYANG: Opo!

*Lalabas si Oryang.*

SEÑOR: Miding. Bantayan mo si Isabel.

MIDING: Wala na si Milagros, Señor. Makakaasa kayong ako na ang ina ni Isabel. Ako na.

*Didilim.*

**IKALAWANG TAGPO**

*Makikitang nagsusulsi sina Miding, Isabel at Oryang sa sala ng tahanan.*

MIDING: Ang pagpapalit ng kurtina ang sadyang di ko maintindihan.

ORYANG: Marahil ni hangin ay ayaw papasukin ng Senor.

MIDING: Dapat ay intindihin natin ang Senor. Masakit din ang mawalan ng katuwang.

ORYANG: Senorita, nasaktan bang tunay ang iyong ama sa pagkawala ng Senora?

MIDING: Oryang!

ISABEL: Marahil nasaktan din ang Papa.

ORYANG: Marahil?

MIDING: Hayun nga't subsub sa trabaho. Tatlong bangkay na naman ang ginagawa ngayon. Sabay sabay.

ORYANG: Sabay-sabay?

ISABEL: Bakit sya lamang ang gumagawa sa mga bangkay. Nahan si Lemuel?

MIDING: Hindi na naman pumasok. May sakit daw ang ina, malubha na. Alam nyong mag-isa na lamang si Lemuel Alonzo. Ulila sa ama, walang kapatid, lubos na nakakaawa talaga, oo. Ngayon nama'y malubha ang ina. Sa pakuwari ko'y lubos na dinamdam ang pagkaremata ng kanilang munting sinasaka. Ang ama ni Lemuel Alonzo'y nagiwan ng isang damakmak na lihim na pagkakautang. Kaya ng ilitin ang lupa'y tila inalsan na rin ng kaluluwa ang ina ni Lemuel. Tunay na nakakaawa.

ISABEL: Malakas ang loob ni Lemuel. Totoong napakalakas ng loob.

MIDING: Kung panghihinaan siya ng loob ay walang mangyayari. Alam niya marahil na sarili lamang nya ang kanyang maaasahan.

ISABEL: Sabihin niyo sa akin Nana Miding, Oryang, may nalalaman ba kayong nobya ni Lemuel Alonzo?

MIDING: Isabel.

ORYANG: Bakit niyo naitanong Senorita?

ISABEL: Wala akong nais na ipahiwatig, Oryang. Hindi ko gusto si Lemuel Alonzo kung iyan ang hinuhudyat ng mga ngiti at tingin mo. Maniwala kayo, nais ko lamang malaman.

ORYANG: Bakit nais malaman ng isang dalaga kung may nobya ang isang binata? Wala akong naiisip na dahilan. Wala kundi ang pag-asang maaring ang binata't dalaga'y maging magkasintahan, magkaibigan. Sa tagal na naninilbihan si Lemuel sa Funeraria Corintho'y ngayon ko lamang napatunayang totoong maaaring magkatuluyan ang langit at lupa.

MIDING: Mahiya ka Gregoria.

ORYANG: Ang amo at alila.

ISABEL: *(Matatawa)* Nakatutuwa ka Oryang. Tinanong ko lamang kung may nobya si Lemuel Alonzo'y kami na ang nagkatuluyan.

ORYANG: Naku, bagay na bagay!

MIDING: Kapag narinig ka ng Senor ay puputulin ang dila mo, dalahira ka!

ISABEL: Nana Miding, noong kayo'y bata-bata pa'y di ba nakaranas ng umibig at ibigin?

ORYANG: *(Sa sarili lang)* Sino naman ang magkakamaling umibig sa mangkukulam?

MIDING: Maniniwala ba kayo kung sasabihin kong oo?

ISABEL: Ito ang nais kong marinig.

MIDING: Matagal na iyon.

ORYANG: Iyan ang sigurado.

MIDING: Disiotso ako, disinuwebe sya. Langit at lupa ang agwat naming dalawa. Mayaman siya't dukha naman ako. Naku, masungit ang Mama ng aking

mangingibig. Komo alila lamang ang mga magulang ko'y hindi siya pabor sa aming relasyon.

ISABEL: Sino siya Nana Miding? Kilala ko ba siya?

MIDING: Hindi.

ORYANG: Bakit hindi?

MIDING: Wala na siya rito, marahil ay patay na, o nasa Maynila o nangibang bayan. Hindi ko alam, ngunit wala na siya rito.

ORYANG: Ano ang kanyang pangalan?

MIDING: Gregoria. Wala akong responsibilidad para sabihin sa iyo ang mga bagay na iyon. Tuloy sa pagburda!

ISABEL: Maganda ba siyang lalaki?

MIDING: Aba'y oo. Mestizong kastila. Matipuno ang pangangatawan. Kapag nakatingin siya sa akin ay tila nangungusap ang mga mata. Hindi pa umiimik ay tila hinuhubad na sa iyo ang buo nyang pagkatao. Hindi sya masalita, ngunit kapag bumulalas naman ng kaunting titik ay kabuuan na iyon ng nais mong marinig. Kapag kami'y nagtatagpo sa likod ng

kamalig, wala na siyang sasabihin pa. Titingnan lamang niya ako sa aking mga mata, hahalikan ako sa aking pisngi at ngingiti. Sa ngiti pa lamang ay tila sinasabi na sa aking mahal kitang talaga, hindi kita iiwan at makakaasa kang tayo habang buhay. Wala naman din akong mababanggit pa. Pinipigilan ko na lamang ang aking luha ngunit ang damdamin ko'y naguumapaw na sa lubos na kaligayahan.

ISABEL: Ano pa, Nana Miding, ano pa?

MIDING: Wala na.

ISABEL: Wala na?

ORYANG: Hindi na umabot sa kama?

MIDING: Tumahimik ka, landi!

ORYANG: Saan pa ba ang tungo noon, hindi ba't doon din?

MIDING: Birhen niya akong iniwan, Isabel. Birheng birhen. Baka akala niyo'y isinuko ko sa kanya ang aking puri. Hindi. Maagang natuklasan ng kanyang Mama ang aming relasyon, pilit siyang ipinakasal sa babaeng hindi naman niya tunay na mahal. Ako nama'y tumanda ng dalaga sa paghihintay sa kanya, umaasa pa ring isang gabi'y magkikita kami sa

likod ng kamalig at wala na kaming sasabihin pa sa isa't isa, titingnan na lamang niya ako sa aking mata, hahalikan sa aking pisngi at ngingiti. Iyon lamang ay masasabi kong sulit ang apat na pung taon kong paghihintay.

SENOR: *(Sa labas ng entablado):* Miding! Miding!

MIDING: Ang Senor.

*Mapapatingin sa kawalan si Miding. Ngingiti.*

*Didilim.*

**IKATLONG TAGPO**

*Makikitang nagbuburda pa rin si Isabel. Papasok si Lemuel.*

LEMUEL: Magandang umaga, Isabel.

ISABEL: Lemuel.

LEMUEL: Ginulat ba kita?

ISABEL: Hindi lamang kita inaasahan ng ganito kaaga. Ang akala ko'y may sakit ang iyong ina? Sino ang nagbabantay sa kanya ngayon?

LEMUEL: Mabuti-buti na ang lagay ng aking Ina, Isabel. Nahihiya na ako sa Senor, alam kong siya lamang mag-isa ang nagtratrabaho. Nabalitaan kong tatlo ang ipinasok kagabi.

ISABEL: Siya lamang nga ang gumawa magdamag kagabi. Ang alam ko nga'y tapos na. Nakaburol na nga.

LEMUEL: Pihadong galit sa akin ang Senor.

ISABEL: Alam niyang may sakit ang iyong ina. Huwag kang magalala, Lemuel, hindi galit sa iyo ang Papa.

LEMUEL: Malaki ang utang na loob ko sa inyong Papa, hindi ko hahayaang masira ako sa kanya.

ISABEL: Lemuel, hanga ako sa iyo. Ang iyong prinsipyo, ang iyong lakas ng loob. Sa tagal ng paninilbihan mo sa aking ama'y hindi lamang tayo nabigyan ng pagkakataon na magkausap ngunit tunay na marami akong nais itanong sa iyo.

LEMUEL: Katulad ng ano, Isabel?

ISABEL: Katulad ng ilang taon ka na? Hindi ba't dayo lamang kayo sa Pangasinan? Saan ang iyong probinsya? Bakit ka natuto ng pageembalsamo? Hindi ka ba natatakot sa patay?

LEMUEL: Isa-isa lamang. *(Matatawa)* Ako'y beinte sais, tubong laguna ang aking ina ngunit nakamana ang aking ama ng lupa dito sa Pangasinan kaya't lumipat kami noong ako ay disinuwebe. Natuto ako ng pageembalsamo sa iyong ama, wala lamang akong mapasukan, noong mamatay ang aking ama, kailangan kong maging lalaki ng tahanan, kaya't ang Senor ang aking tagapagligtas at hindi Isabel, hindi ako natatakot sa bangkay.

ISABEL: Lemuel Alonzo. Marahil ay naiistorbo na kita. Marami ka pang gawain sa labaratoryo.

LEMUEL: Ngayon lamang tayo nakapag-usap, maraming salamat.

*Akmang lalabas si Lemuel ngunit pipigilan siya ng Isabel.*

ISABEL: Lemuel, sandali. Beinte sais ka na'y hindi ka pa nagaasawa. Bakit?

LEMUEL: Dati'y muntik na. Kasintahan ko siya ng tatlong taon. Minahal ko siya. Marahil ay minahal rin niya ako. Ngunit ipinakasal siya sa iba. Dukha ako't walang kakayahang itakas siya. Nakalimutan ko na iyon Isabel.

Hindi siya ang sanhi ng pagiging soltero ko. Ikaw nama'y di pa rin nakapag-aasawa hindi ba? Ni isang binata'y wala yatang umakyat ng ligaw sa iyo. Maganda ka nama't karinyosa. Bakit?

ISABEL: Isang araw makakatakas rin ako sa hawlang sumpa, Lemuel. At kapag nagawa ko iyon ay lilipad ako ng sakdal layo, wala ni isa sa tahanang ito na makakatanaw pa sa akin.

*May maririnig na ingay sa labasan. Papasok si Miding buhat sa isang silid ng tahanan.*

MIDING: Susmaryosep. Ano iyon?

*Papasok si Oryang buhat sa labasan.*

ORYANG: Naku, si Loreta, si Loreta!

ISABEL: Si Loreta sa tapat?

MIDING: Bakit Oryang anong nangyari sa kapitbahay nating si Loreta?

*Papasok si Senor.*

SENOR: Putang ina, anong sakdal ingay yan?

ORYANG: Senor, si Loreta nahuli ni Samuel na nakikipagtalik kay Pedritong taga San Pancrasyo, naku pinutol ang dalawang braso, dalawang binti ni Loreta. Inihaw ang mga braso't hita, pilit na pinakakain ni Samuel kay Loreta. Aba'y dumating lamang ang ina ni Loreta, kaya't natagpuang naliligo sa sariling dugo, buhay pa at subo ang sariling daliri.

MIDING: Susmaryosep. Kaawaan sila ng Panginoon.

*Bubuksan ng Senor ang pintuan palabas, tila sisigawan ang mga tao sa tapat na bahay.*

SENOR: Putang ina niyo, pati ang pribadong kabulukan niyo ay inihahain niyo sa madlang nais ng masuka sa kahayupan niyo!

ISABEL: Papa!

SENOR: Tarakan mo na Samuel ng taga ang puso ng asawa mong walang kasing landi!

ISABEL: Papa, tama na!

MIDING: Senor!

SENOR: Isabel, hindi mo tatanggapin ang bangkay na iyan. Hindi mapapatakan ang tahanang ito ng dugo niyang burak!

ORYANG: Buhay pa si Loreta, Senor.

SENOR: Putang ina, Silensyo!

MIDING: Oryang, isara ang tarangkahan, ang pintua't mga bintana. Dali. Gregorya! Dali!

*Didilim.*

**IKA-APAT NA TAGPO**

*Gabi. Papasok ng entablado ang Señor. Mayroon siyang apron na puno ng dugo. Nagpupunas din siya ng mga kamay na puno ng dugo. Aabutan niya si Miding na nagsusulsi sa sala. Magigitla si Miding, blangkong blangko ang mukha ng Señor, namumutla ang labi nito at tila nakatanaw sa malayo ang mga mata. Aalalayan siya ni Miding hanggang makaupo. Makikita namang natutulog si Isabel sa kanyang silid.*

MIDING: Señor Segismundo. Naku, marahil ay lubha kang napagod. Maayos ba ang paghinga mo?

*Hihimasin ni Miding ang dibdib ng Señor.*

MIDING: Sandali lamang.

*Ikukuha ni Miding ng baso ng tubig ang Señor.*

MIDING: Eto't inumin niyo ang tubig.

*Itutuloy ni Miding ang pagmasahe sa Señor. Hihimasin nito ang noo ng Señor.*

SEÑOR: Miding.

MIDING: Señor?

SEÑOR: Salamat sa maraming taon mong pagsisilbi sa tahanang ito. Bihira kong masabi sa iyo iyan. Si Isabel, ikaw ang pangalawa niyang ina at alam kong mahal ka niya ng tunay. Ngayong wala na si Milagros ay mas bibigat ang iyong trabaho. Swail si Isabel, at ang kanyang ina ang eskudo niya't sandigan. Wala na ang kanyang ina kaya't mas lalo mong palawigin ang iyong pagbabantay. Kung hindi ka nababayaran ng sapat ay ipagpaumanhin mo na. Tinuturing ka nang miyembro ng pamilya kaya't alam kong hindi matutumbasan ng salapi ang iyong kalinga.

*Maiiyak si Miding.*

MIDING: Ang Señor naman. Siyempre naman po. Kayo na lamang ang pamilya ko.

*Sandaling katahimikan.*

SEÑOR: Miding.

MIDING: Señor?

SEÑOR: Nakita ko si Milagros kanina.

MIDING: Susmaryosep.

SEÑOR: Nakasuot ng puting-puti. May belo sa ulo at may hawak na krusifijio.

MIDING: Señor, huwag niyo akong takutin.

SEÑOR: Iyong krusifijio na hawak niya noong nakahimlay siya sa ataul. Umiiyak siya. Iyak ng iyak. Nakatitig lamang siya sa akin, walang iniimik. Matagal din siyang nakatitig lamang sa akin. Nakalutang siya sa hangin, mga apat na pulgada ang angat sa sahig. Hindi siya umaalis. *(Tila kakausapin si Milagros, nakatingin sa kawalan)* Putang ina, Milagros, huwag mo akong takutin, nais mo na yatang mawala ako sa ulirat, nais mo na yatang mabaliw na lamang ako o atakihin sa puso't pumanaw ng kagaya mo. Hindi naman umiimik. Nakatitig pa rin. Ano ang nais mo,

Milagros? Ano ang nais mo? Maya-maya'y dugo na ang umaagos sa mata. Hindi na mga luha, dugo na.

MIDING: Panginoon ko.

SEÑOR: Ang damit niyang puting-puti ay naging pula na. Hindi ako sumisigaw. Ilang multo na rin ang nasilayan ko, Miding, hindi na ako napapanglaw. Ngunit ang kanina ang pinaka-matindi. Walang awa si Milagros, Miding. Walang awa.

MIDING: Hindi kaya guni-guni niyo lamang iyon, Señor? Mayroon kayong higit pa sa dose oras na nagtratrabaho sa labaratoryo. Marahil ay matindi na ang pagod niyo.

SEÑOR: Hindi ako nauulol, Miding. Mahigit pa sa kalahating minuto siyang nakatitig sa akin. Hindi iyon guni-guni.

MIDING: Marahil ay may nais ipahiwatig ang Señora.

SEÑOR: Ano pa ang nais niya? Wala na siyang mahihiling pa. Nabuhay siya sa sagana. Lahat ng ninais niya'y nakamtan niya. Wala akong pagkukulang sa kanya.

MIDING: Señor, hindi pa nagtutungo ang Señora sa kanyang dapat kalagyan. Ikaapatnapung araw kahapon. Dapat ay bumagtas na siya buhat sa ating mundo patungo sa mundo ng mga patay. Marahil ay may nais pa siyang masaksihan.

SEÑOR: Putang ina, Miding. Apatnapung araw? Gawa-gawa lamang iyan ng simbahan upang maraming magpamisa't magpadasal. Hindi bumibilang ng araw ang mga kaluluwa. Magtutungo sila sa dapat nilang tunguhan kahit isa, lima, o daan-daang araw kung nanaiisin nila. Ang kaluluwa ang magdedesisyon kung kailan sila babagtas.

MIDING: Bakit hindi pa niya naisin iyon?

SEÑOR: Hindi ko alam.

MIDING: Marahil ay nais niyang bantayan si Isabel.

SEÑOR: Ano pa ang nais niyang bantayan kay Isabel? Wala siyang tiwala sa akin, Miding. Iyon ang totoo. Kahit sa kabilang buhay ay hindi maiwaksi ng isipan niya ang labis na pagdududa.

*Sandaling katahimikan.*

MIDING: Hindi yata ako makakatulog sa labis na takot.

SEÑOR: Sulong na sa silid mo. Marami ka pang gawain bukas.

MIDING: Magandang gabi, Señor.

*Lalabas si Miding. Maiiwang nakaupo ang Señor. Humahagikhik na papasok si Oryang buhat sa labasan. Magigitla si Oryang sapagkat naroroon pa sa sala ang Señor.*

ORYANG: Señor.

SEÑOR: Disoras na ng gabi, nasa labasan ka pa rin?

ORYANG: Patawarin niyo po ako.

SEÑOR: Hindi ka ba nakikinig nang binanggit ko ang mga regulasyon ng tahanang ito?

ORYANG: *(Magsisimula ng umiyak)* Hindi na po mauulit, Señor.

SEÑOR: Putang ina, tumigil ka sa pagiyak mo! Alam mo bang nasa panahon ng pagluluksa ang tahanang ito? Alam kong hindi ka kabilang sa pamilyang ito pero matuto kang rumespeto sa panginoon mo. Naturingang alila ka'y wala kang galang sa pighati ng iyong mga amo.

ORYANG: *(Mapapaluhod si Oryang sa Señor)* Patawarin niyo ako, Señor. Patawarin niyo ako.

*Itatayo ng Señor si Oryang. Tuloy sa pagiyak si Oryang. Hindi iimik ang Señor. Papahiran lamang nito ang luha ni Oryang. Bababa ang kamay ng Señor sa dibdib ni Oryang. Iiyak si Oryang ngunit hindi siya iimik. Unti-unting ililihis ng Senor ang palda ni Oryang at huhubarin ang pantaas nito. Lalakas ang iyak ni Oryang ngunit tatakpan ng Senor ang kanyang bibig. Babangon si Isabel at lalabas ng kanyang silid.*

ISABEL: Papa.

*Tatakbong palabas ng entablado si Oryang.*

*Didilim.*

## IKALAWANG YUGTO

### UNANG TAGPO

*Gabi. Dahan-dahang magtatangka si Isabel na tumakas. May bitbit siyang maleta. Liligirin niya ang buong kabahayan. Kakausapin niya ang malaking larawan ng kanyang nasirang ina na nakasabit sa gitna ng sala.*

ISABEL: Paalam na mapait na kulungan. Ngayo'y kaya ko ng tumakas. Hindi na ako napapanglaw sa dilim, sa hamog, sa lagim. Matagal na akong humihimlay sa kabaong ng paninikil at kailangan ko ng bumango't humanap ng sariling kapararakan. Ako'y bangkay sa Funeraria Corintho at ngayo'y mabubuhay upang hanapin ang sariling kaluluwa.

*Tatangkain ng lumabas ni Isabel ng biglang papasok si Miding buhat sa likuran.*

MIDING: Isabel. Ano't gising ka pa? Ano iyang bitbit-bitbit mo?

ISABEL: Nana Miding, hayaan niyo na ako.

MIDING: Anong kaululan ang nais mong tangkain? Hindi ka mabubuhay ng nag-iisa. Nakita mo ang kaputlaan ng kutis mo, ni hindi ka madalas maarawan, ngayo'y aalpas ka sa bubungang tinuturing mong seguridad?

ISABEL: Nana Miding. Kaawaan niyo ako. Kayo ang nag-alaga sa akin kaya't alam niyong lumaki akong walang kaluluwa. Hindi na ako makakatagal, kailangan ko ng tumakas sa bahay na ito.

MIDING: At saan ka pupunta?

ISABEL: Bahala na. Basta malayo sa anino ng Papa. Malayo sa Funeraria Corintho. Payagan niyo na akong makaalis.

MIDING: Binilin ng Señor na alagaan at bantayan kita. Papatayin niya ako kapag nalaman niyang alam kong umalis ka.

ISABEL: Huwag niyo ng ipagkaila. Ngayon na ang panahon niyong lumigaya. Iniibig niyo ang Papa. Nabubulag-bulagan lamang ako sa lihim niyo Nana Miding. Siya ang una niyong pag-ibig, hindi ba? Ngayo'y solong-solo niyo na siya. Solong-solo niyo na ang lintik na tahanang ito. Hindi na ako kailanman babalik kaya't maaari niyo ng ipaghiyawan sa buong mundo ang sikretong pinagkakatago-tago niyo sa likod ng kamalig! Sige, masiyahan ka, bagong Corintho! Nawa'y hindi ka maging bangkay gaya ng lahat ng labas masok sa impiyernong ito, nawa'y hawak mo pa rin ang kaluluwa mo, hindi gaya ng kaluluwa kong inagaw na ng Papa. Nawa'y hindi ka maging bangkay gaya ko!

*Paalis na si Isabel ng tawagin siya ni Miding.*

MIDING: Isabel!

*Lilingon kay Miding si Isabel.*

MIDING: Mag-iingat ka anak.

*Maiiyak si Isabel, yayakapin niya si Miding. Hihigpitan ni Miding ang yakap kay Isabel. Mararamdaman ni Isabel ang pagtratraydor ni Miding. Hindi siya bibitawan nito kasabay ng pagsigaw.*

MIDING: Señor! Señor! Señor!

ISABEL: Utang na loob bitawan niyo ako, hayaan niyo na ako!

*Lalabas ang Senor. Ganoon din si Oryang.*

ORYANG: Susmaryosep!

SENOR: Putang ina, anong iskandalo ito?

MIDING: Oryang, tulungan mo akong hawakan si Isabel.

ORYANG: Bakit ho ba?

MIDING: Putang ina, basta sundin mo!

ORYANG: Oho.

*Hahawakan ni Miding at Oryang si Isabel.*

MIDING: Si Isabel, Señor, nagtatangkang lumayas.

*Sasampalin ng Señor si Isabel.*

SENOR: Hayup ka, wala kang utang na loob!

ISABEL: Pabayaan niyo na ko Papa, maawa kayo sa akin.

SENOR: Pabayaang ano?

ISABEL: Nais ko ng kumawala sa impiyernong Funeraria Corintho!

SENOR: Kung hindi ka naman talagang gago, ang Funeraria Corintho ang bumubuhay sa iyo!

ISABEL: Ang Funeraria Corintho ang pumapatay sa akin!

SENOR: Sino ang nagturo sa iyo ng ganitong karuwagan? Patay na ang ina mo kaya't ako na lamang ang magdedesisyon sa direksiyong tatahakin mo. Sino ang nagbigay sa iyo ng karapatang suwayin ako?

ISABEL: Patay na ang Mama kaya't wala ng saysay pang tumigil ako sa tahanang ito. Aalis ako. Sa ayaw niyo't sa gusto, aalis ako!

SENOR: At saan ka pupunta?

ISABEL: Mag-aasawa! Iibig! Bubuo ng pamilya. Pamilyang malayo sa binuo mo, Papa. Iyon ang nais ko! Nais ko ng umalis sa tahanang ito! Nais ko ng mag-asawa!

SENOR: Pinche Cavrona Pindeha! Itali ang babaeng ito sa kanyang kama.

*Dadalhin nina Miding at Oryang si Isabel sa kanyang silid. Itatali ng dalawa si Isabel sa kama. Tuloy sa pagiyak si Isabel.*

ISABEL: Maawa kayo Papa! Maawa kayo!

SENOR: Hindi kakalagan ang taling iyan, magdamag. Kung umaga'y maari niyong kalagan ngunit inaatasan ko kayo Miding at Gregoria na hindi aalsan ng tingin ang babaeng iyan, pati sa pagligo, pag-ihi't pagdumi. Sa gabi'y itali niyong muli sa katre. Papatayin ko ang sinumang susuway sa kautusan. Naiintindihan niyo?

MIDING AT ORYANG: Opo, Señor.

ISABEL: Papa! Papa! Papa!

*Didilim.*

**IKALAWANG TAGPO**

*Nagbabasa ng pahayagan ang Señor sa sala. Humahangos na papasok si Lemuel.*

LEMUEL: Señor.

SEÑOR: Matagal kang nawala, Lemuel. Alam mong hindi kawanggawa ang obligasyon mo kundi trabahong bayad. Bawat sentimong kinikita'y dapat paghirapan.

LEMUEL: Patay na po ang Inay, Señor. Kagabi. Hindi ko po alam ang dapat kong gawin. Alam kong kayo lamang ang malalapitan ko. Mag-isa na lamang ako, alam niyo 'yan Señor. Ngayong ulilang lubos na ako'y kayo na lamang ang pamilya ko. Iniwan ko po ang Inay sa kanyang kama. Sinuotan ko ng puting puti at nilagyan ko ng sampaguita sa noo. Tinulusan ko ng isang kandila sa kanyang tabi at inalayan ko ng panalangin para sa patay. Maaari ko po siyang sunugin bukas ng hapon ngunit alam kong hindi iyon ang nais niya.

SEÑOR: Bakit? Ano ang habilin ng iyong ina?

LEMUEL: Alam ko po Señor na wala ng karapatan ang isang dukha na humiling ng kahit ano, gayo't alam niyang wala siyang maaaring asahan, ngunit

mahalaga sa aking inay ang magkaroon ng disenteng burol at disenteng libing. Hindi naman po niya iyon hinabilin bago malagutan ng hininga ngunit nais kong ibigay sa kanya iyon sapagkat alam kong wala siya ni katiting na kaginhawahang nadama habang siya'y nabubuhay, kaya't kahit sa huling sandali'y mahandugan ko siya ng kahit na payak na kalinga.

SEÑOR: Wala ba kayong lupa sa sementeryo? Wala ba kayong kamag-anak na maaaring hiraman o pagkautangan man lang?

LEMUEL: Wala na po Señor. Ang iba po'y mas dukha pa sa amin at mga alilang namamasukan lamang.

SEÑOR: Ano ang nais mong gawin ko? Magkawanggawa? Alam mong biyenes ang Funerariang ito.

LEMUEL: Kahit pagsilbihan ko na lamang ang maaaring magastos, Señor. Kahit huwag niyo akong sahuran ng ilang taon.

SEÑOR: *(Matatawa)* Ano ang isusubo mo? Hindi naman makatarungang dito ka pa kakain. Ang sinasahod mo sa Funeraria Corintho'y napupunta lamang sa pagkain niyong mag-ina. Ang tao'y hindi kambing na maaaring manginaain ng damo't sukal.

LEMUEL: Utang na loob, Señor.

SEÑOR: Ganyan ba kahalaga ang mailibing ang ina mo? Patay na siya, wala na siyang madaramang kalinga.

*Sandaling katahimikan.*

LEMUEL: Para rin po sa aking sarili, Señor. *(Maiiyak)* Upang matahimik na ang aking gunita, upang matigil na ako sa pagsisi sa sarili, na wala akong saysay at di ko kayang magpakalalaki.

SEÑOR: *(Matatawa)* Iyan ang gusto ko sa iyo, Lemuel, makasarili ka ring gaya ko. Bueno, tutulungan kita.

LEMUEL: Maraming salamat po, Señor, utang na loob ko ito sa inyo.

SEÑOR: Huwag kang entremetido! Hindi lahat ay libre. Mayroong mga kondisyon.

LEMUEL: Ano iyon, Señor?

SEÑOR: Ang anak kong si Isabel. Hindi ko na mapipigilan ang nais niya. Dumating na ang panahong kinatatakutan ko, Lemuel. Nais na niyang umalis sa tahanang ito. Mamuhay ng malayo sa akin, mag-asawa't

bumuo ng pamilya. Putang ina, anong buhay pa ang nais niya, lahat ay binigay ko na sa kanya.

LEMUEL: Marahil ay nais niyang umibig at ibigin, Señor. Nakausap ko po siya dati at alam kong may kakulangan siyang nadarama. Ano naman po ang magagawa ko, Señor?

SEÑOR: Makinig ka, bibigyan ko ng disenteng burol at libing ang ina mo, lahat ng kamag-anakan mo'y imbitahin mo. Ang primera klaseng kabaong at pinakamahal na embalsamo ang ipagkakaloob ko. Ang bakanteng lupa ko sa bukana ng Sementeryo Santa Fe ay ibibigay ko rin. Pati ang pamisa sa simbaha't padasal ng siyam, kuwarenta't kalag-luksa'y sasagutin ko na rin. Lahat ng iyon, Lemuel. Lahat ng iyon.

LEMUEL: Ano ang kapalit, Señor?

SEÑOR: Paibigin mo si Isabel, pakasalan at huwag ilayo sa akin at sa tahanang ito. Maganda ang aking anak, kaya't alam mong luging lugi ako. Wala kang pinag-aralan, dukha ka't alipin lamang. Hindi ikaw ang pinapangarap ko para sa aking anak, ngunit alam kong ikaw lamang ang susunod sa kondisyon ko.

LEMUEL: Sino ako para ibigin ni Isabel, Señor?

SEÑOR: Ikaw pa lamang ang aakyat ng ligaw kay Isabel. Iibigin niya ang kahit na sino. Maniwala ka. Walang pa siyang nakakausap na lalaki ng higit sa limang minuto maliban sa akin. Kaya't pakitaan mo lamang siya ng pagsuyo'y madali mong makukuha ang kanyang loob.

LEMUEL: Totoo pong napakaganda ni Isabel, sino po ako para tumanggi. Ngunit naaawa ako sa kanya, Señor. Ayaw ko pong siya ang maging kabayaran ng pananagutan ko.

SEÑOR: Iyon ang kundisyon.

*Sandaling katahimikan.*

LEMUEL: Tinatanggap ko po.

SEÑOR: Magaling.

LEMUEL: Makakaasa po kayong hindi ko sasaktan si Isabel. Mamahalin ko po siya ganon din po ang aming magiging mga supling.

SEÑOR: Supling? Serbenguenza! Hindi mo gagalawin si Isabel. Hindi, habang ako'y nabubuhay. Kapag nalaman kong nakipagtalik ka sa kanya'y papatayin kita, narinig mo? Papatayin kita.

LEMUEL: May mag-asawa po ba'ng ganon, Señor?

SEÑOR: Tandaan mong ang kasal niyo'y sa papel lamang. Isang kabayaran sa pananagutan. Isang kundisyon.

LEMUEL: Kalimutan niyo na po, Señor, ang ating napag-usapan. Susunugin ko na lamang po ang aking Inay bukas ng hapon. Adios, Señor Segismundo.

SEÑOR: Puwes, Adios.

*Palabas na si Lemuel ng magsalita ang Señor.*

SEÑOR: Ang pagiging dukha ba'y tunay mo ng nakasanayan? Tunay bang nais mo na lamang na mamatay ng dilat? Nais mo rin bang sunugin kung ikaw ay sumakabilang buhay katulad ng iyong ina o di kaya nama'y iwan na lamang sa kamang inaagnas at kinakain ng samut saring hayup? Iintayin mo bang ang munting kubo niyo'y ilitin na rin at kakayanin mo bang maging bagamundo hanggang sa iyong katandaan? Magisip ka, Lemuel Alonzo. Kung pakakasalan mo ang Isabel ko'y mapapasaiyo na rin ang Funeraria Corintho pagyao ko. Kasama ng anak ko ang ekta-ektaryang lupain at ang biyenes na pinaghirapan kong itayo. Matanda na ako, kaunting taon na lamang at maaari na akong mamaalam. Ayoko rin namang maisara na lamang ang Funeraria Corintho. Mahal mo rin ang Funeraria, hindi ba? Pangalawang tahanan mo na ito, wika mo. Kaya't

hindi ako malulungkot kung tatawagin mo itong Funeraria Alonzo pagpanaw ko.

LEMUEL: Funeraria Alonzo?

SEÑOR: Bakit hindi? Iyon ang apelyido mo na magiging apelyido ni Isabel kapag kinasal kayo, hindi ba?

LEMUEL: Tama po, Señor. Funeraria Alonzo. Payag na po ako Señor. Maraming salamat po. Maraming maraming salamat po.

SEÑOR: Magaling.

*Hahalakhak ang Señor. Palakas ng palakas.*

*Didilim.*

**IKATLONG TAGPO.**

*Tutugtog ang musiko. Makikitang pinaparada sa buong tanghalan ang isang kabaong. Buhat-buhat ito ng apat na kalalakihan. Sumusunod sa kabaong si Lemuel. Umiiyak at sumasambit paminsan-minsan ng "Inay". Nakasunod naman sa kanya sina Señor Segismundo, Isabel, Miding at Oryang. Hawak ng mahigpit ni Miding at Oryang si Isabel na tila ba tulala at*

*malayo ang tingin. Tatanawin sila ng Señor. Blangko pa rin ang tingin ni Isabel. Tatango si Miding sa Señor. Lilibutin nila ang buong tanghalan at lalabas sa kanan ng entablado.*

*Didilim.*

*Ilang minutong pagitan.*

## IKATLONG YUGTO

### UNANG TAGPO

*Nasa loob ng silid sina Isabel at Lemuel. Nakaupo naman sa sala ang Señor. Nakatrahe de boda pa si Isabel at naka-kamisa de chino si Lemuel. Nakasabit sa isang tukador ang kanyang barong tagalog. Unti-unting naghuhubad si Isabel ng kanyang damit at nagpapalit ng pantulog. Tinitingnan nila ang mga regalo.*

LEMUEL: Itong isa'y galing kay Tiyo…tiyo. *(Kay Isabel)* Ikaw na nga lang ang magbasa.

ISABEL: Tiyo Godofredo. Pinsang buo iyan ng Mama.

LEMUEL: Ano naman kaya ang laman nito?

ISABEL: Buksan mo.

*Hindi bubuksan ni Lemuel bagkus ay titingnan ang ilan pang regalo.*

LEMUEL: Maganda ang misa ni Padre Alfonso kanina.

ISABEL: Ang sinabi niya'y ang pinagsama ng Diyos ay hindi maaaring paghiwalayin ng tao. Ang buhay mag-asawa daw ay isang bokasyon din, katulad ng pagpapari. Hindi lamang daw tayong mag-asawa ang magkaanib, dapat daw ay mayroong isang sentro at naghahari sa ating dalawa.

LEMUEL*:* *(Tila nagulat)* Si-Sino?

ISABEL: Si Hesukristo, sino pa ba? Hindi ka nakinig ng sermon kanina, ano?

LEMUEL: Ang dami kasing bisita. Lahat ay tila nakatanaw sa atin.

ISABEL: Siyempre tayo ang kinakasal.

LEMUEL: Hindi magkamayaw ang palakpakan. Ang iba nama'y humihiyaw ng halikan…halikan.

ISABEL: Bakit hindi mo ako hinalikan sa labi?

*Sandaling katahimikan.*

LEMUEL: Ayusin na natin ito ng tayo'y makapagpahinga na.

ISABEL: Lemuel, kailan mo ako ilalayo sa bahay na ito?

LEMUEL: Ano?

ISABEL: Kailan tayo lilipat ng bahay? Kahit iyong maliit lang, kahit sa kubo lang, basta't tayong dalawa lang.

LEMUEL: Hindi ka sanay sa hirap, Isabel.

ISABEL: Iyon ang akala mo. Kaya ko lahat ng gawaing bahay, ang magluto, maglaba, ang maglinis ng…

LEMUEL: Ayaw mo ba dito? Buhay prinsesa ka. Pati nga ang maaabot mo na'y iaabot pa sa iyo ni Nana Miding, ni Oryang.

ISABEL: Basta, nais kong lumayo sa bahay na ito.

*Itataas ni Isabel ang kamisa de chino ni Lemuel, hahalikan ni Isabel ang dibdib ni Lemuel, ang pisngi pati ang labi nito. Pipigilan siya ni Lemuel.*

ISABEL: Mahal kita, Lemuel. Maraming salamat at pinakasalan mo ako.

LEMUEL: Matulog ka na. Napagod tayo sa kasal.

*Lalabas si Lemuel ng silid. Makikita niyang naroon ang Señor sa sala.*

*Didilim.*

**IKALAWANG TAGPO**

*Nagsusulsi si Isabel sa sala. May maririnig siyang hagikhikan sa labasan. Tutunguhin niya ang pintuan at sisilipin ang tao sa labasan. Babalik siya sa kinauupuan at papasok sa pintuan si Oryang.*

ISABEL: Ginagabi ka Oryang.

ORYANG: Señorita.

ISABEL: Mabuti't ginabi ang Papa, nasa bayan sila ni Lemuel, namimili ng kagamitan. Pihadong lalatikuhin ka noon kung nakita niya ang kalaswaang nakita ko.

ORYANG: Magsusumbong ba kayo, Señorita?

ISABEL: Hindi.

ORYANG: Maraming salamat po.

ISABEL: Sino siya?

ORYANG: Ang katipan ko po, si Luisito.

ISABEL: Saan mo siya nakilala?

ORYANG: Kolektor siya ng Tiyo Godofredo niyo.

ISABEL: Mahal mo na ba siya?

ORYANG: Opo.

ISABEL: Magpapakasal na ba kayo?

ORYANG: Hindi ko po alam. Alam kong paaalisin ako ng Señor kung magaasawa ako. Saan naman po kami kukuha ng ikabubuhay? Ang pamamasukan niya'y hindi sapat upang bumuo ng pamilya. Ang tanging pinapangarap ko na lamang ay ang hinaharap naming sakdal liwanag. Darating din marahil iyon, Señorita. Ang mahalaga'y mahal niya ako't mahal ko rin siya. Maligaya kami sa isa't isa.

ISABEL: Mapalad ka.

ORYANG: Wala na pong papalad pa sa inyo, Señorita. Ang lahat ng minimithi niyo'y naabot niyo na. Hindi lamang ang karangyaang tinatamasa ganon din ang pag-iisang dibdib sa lalaking iniibig sa twina.

ISABEL: Pinupupog ka ba niya ng halik?

ORYANG: Po?

ISABEL: Ni Luisito.

ORYANG: *(Mapapabungisngis)* Opo.

ISABEL: Saan?

ORYANG: Po?

ISABEL: Siguro'y sa pisngi, sa labi, sa tenga, sa leeg, pabababa ng iyong dibdib?

ORYANG: Señorita. Nakakahiya man pong aminin ay, *(Mapapahagikhik)* opo. Napakasarap ng halik ng lalaki, 'di ba po?

ISABEL: Nagtatalik na ba kayo?

ORYANG: Señorita?

ISABEL: Narinig mo ang tanong ko, sagutin mo. Nagtatalik na ba kayo?

ORYANG: Señorita naman.

ISABEL: Huwag kang mahiya, Oryang. Nais ko lamang marinig.

ORYANG: Baka po kasi…

ISABEL: Huwag kang mag-alala, sikreto natin itong dalawa, hindi makakarating sa Papa.

ORYANG: *(Mapapabungisngis)* Opo.

ISABEL: Madalas?

ORYANG: Hindi naman po ganoon kadalas.

ISABEL: Saan?

ORYANG: Sa may kiskisan ng Tiyo Godofredo niyo. (*Mapapatawa)*

ISABEL: Masarap?

*Mapapahagikhik lamang si Oryang.*

ISABEL: Masarap ba, Oryang?

ORYANG: Wala ng sasarap pa, Señorita. Noong una'y anong sakdal hapdi, pero nang lumao'y hahanap-hanapin niyo ang tunay na kaligayahan. Iyon ang totoong simbolo ng pagiibigan. Ang pagniniig ang magpapatunay na ang dalawang puso'y nagiging isa. Tila nagdudugtong ng isang koneksiyon sa masimbuyong damdamin.

*Mapapaiyak si Isabel.*

ORYANG: Señorita?

ISABEL: Oryang, may lihim akong ibubulalas sa iyo. Walang dapat makaalam.

ORYANG: Ano po iyon?

ISABEL: Hindi ako sinisipingan ni Lemuel. Sa anim na buwan naming mag-asawa'y ni isang beses ay hindi niya ako hinawakan o hinalikan man

lang. Ni ang pagtingin sa mga mata ko'y hindi niya magawa. Hindi niya ako mahal, Oryang. Hindi niya ako mahal. *(Mapapaiyak)*

ORYANG: Señorita.

ISABEL: Oryang. Oryang *(Mapapayakap kay Oryang).*

ORYANG: Hindi ko po alam ang nais sabihin. Isa lamang akong alila at wala ako ni-katiting na karapatan upang manghimasok sa inyong mag-asawa, ngunit, babae kayong katulad ko kaya't alam ko ang nadarama niyo. Kakausapin ko kayo ng babae sa babae, Señorita, at hindi ng alila sa amo. May karapatan kayong sapilitang hilingin ang nanaisin niyo sapagkat asawa kayo't hindi alipin. May obligasyon naman siyang tupdin ang nais niyo. Magusap kayong mag-asawa. Marahil ay mayroong mas malalim na suliraning hindi niyo nalalaman. Iyon ang dapat niyong tuklasin. Nawa'y sapitin niyo ang lahat ng inyong mithiin.

*Papasok sina Señor Segismundo at Lemuel. Magmamano si Isabel sa Señor.*

SEÑOR: Oryang, dalhin mo ito sa aking silid. *(Iaabot ang bag kay Oryang).*

ORYANG: Mag-aahin po ba ako, Señor?

SEÑOR: Hindi na, magpapahinga na ako.

*Lalabas ng entablado si Oryang at ang Señor.*

LEMUEL: Kamusta ang araw mo, Isabel?

ISABEL: Maghapong nagsulsi. Sa kalabuan ng aking mata'y hindi ko maisuot ang sinulid sa karayom.

LEMUEL: Madali lamang iyan.

*Kukunin ni Lemuel kay Isabel ang karayom at isusuot ang sinulid sa butas.*

LEMUEL: Naipasok ko na.

ISABEL: Mabuti pa ang karayom madalas mapasukan ng sinulid.

*Hahawakan ni Isabel ng mahigpit ang ari ni Lemuel. Mapapangiwi si Lemuel sa sakit.*

LEMUEL: Isabel!

ISABEL: Ako'y asawa mo, hindi ako aliping susunod lamang sa lahat ng naisin mo. Ang mithiin ko'y obligasyon mong tupdin. Kung hindi'y lalayas ako sa pamamahay na ito at hindi niyo na ako makikitang muli.

LEMUEL: Bukas ng gabi, Isabel. Pangako. Bukas ng gabi. Napagod lamang ako sa biyahe ngayon, ngunit bukas ng gabi'y asahan mo iyon. Kung hindi'y ako na ang aalis at habang buhay na hindi babalik sa tahanang ito. Ang nais ko lamang ay sakdal dilim, walang maaninag at tila nakapapanglaw na kadiliman. Ang lampara'y huwag bubuksan upang ang pagniniig nati'y lubos na maramdaman. Patawarin mo ako, mahal ko. Ngunit pangako ko'y hindi na babaliin. Bukas. Pangako. Bukas.

*Didilim.*

**IKATLONG TAGPO.**

*Gabi. Sakdal dilim ang entablado. Tila wala ng maaninag ang manonood. Nakahiga si Isabel sa kama sa loob ng kanyang silid, nakaupo naman si Lemuel sa gilid nito. Nasa sala ang Señor.*

LEMUEL: Sandali lamang, mahal ko. Naiihi lamang ako.

*Lalabas sa silid si Lemuel. Tatayo sa labas ng pinto. Tatayo ang Señor. Iaabot kay Lemuel ang tungkod at papasok sa silid. Uupo naman si Lemuel sa inupuan ng Señor. Mapapasubsob ang kamay sa mukha't tahimik na mapapaiyak.*

ISABEL: Lemuel?

*Uusal ang Señor ng isang tunog (Uhmm).*

ISABEL: Halika na rito, mahal ko.

*Pangingibabawan ng Señor si Isabel.*

*Didilim.*

**IKA-APAT NA TAGPO**

*Nagsusulsi sina Miding at Oryang sa sala. Darating ang Señor, si Isabel at si Lemuel. Galing sa simbahan ang tatlo.*

MIDING: Señor. Kamusta ang misa?

SEÑOR: Katulad ng dati, wala na namang kuwenta ang sermon ng indiong pari na iyon.

MIDING: Si Padre Agustin.

SEÑOR: Wala talagang tatalo kay Prayle Bernardino Pelaez. Wala pang winiwika'y ramdam mo na ang presensya ng espiritu santo. Ang lahat ng sinasambit ay katotohanan, alam mong hindi buladas. Ang Banal na Bibiliya lamang ang tunay na basehan. Sayang at ibinalik na siya sa Espanya.

ORYANG: Papano naman po'y tatlo ang ginahasa niya ng sabay-sabay.

MIDING: Gregoria!

SEÑOR: *(Kay Lemuel)* May bagong dala kaninang madaling araw. Umpisahan mo na. Magpapahinga muna ako.

LEMUEL: Ora mismo, Papa.

SEÑOR: Primera klase, iho. Encomiendero principales ang ama, may katungkulan sa gobyerno.

LEMUEL: Opo.

SEÑOR: Miding, hilutin mo ang batok ko.

MIDING: Opo, Señor.

*Lalabas ang Señor, si Miding at si Lemuel. Papasok ng silid si Isabel.*

ISABEL: Tulungan mo akong magbihis, Oryang.

ORYANG: Opo, Señorita.

ISABEL: *(Habang nagbibihis)* Kamusta ang nobyo mo? Nagtatagpo pa rin ba kayo?

ORYANG: Opo. *(Mapapahagikhik)* Madalas pa rin po.

ISABEL: Baka magdalang tao ka?

ORYANG: Hindi po, may ginagawa po kaming paraan. Naku, matutuwa kayo kapag nalaman niyo.

*Bubulong kay Isabel si Oryang. Matatawa ang dalawa.*

ISABEL: Pwede ba iyon?

ORYANG: Naku, pwedeng pwede po. Naku huwag po kayong maingay. *(Sandaling katahimikan)* Señorita, kamusta po kayo ni Lemuel?

ISABEL: Nakatutuwa Oryang. Wala na akong problema.

ORYANG: Talaga po?

*Matatawa ang dalawa.*

ISABEL: Sa katotohanan ay napapadalas.

ORYANG: Naku ang Señorita, kaya pala iba na ang inyong ngiti at may kakaibang sigla na ang iyong mga mata.

ISABEL: Salamat sa iyo, Oryang. Ikaw ang nagtulak sa akin para sabihin kay Lemuel ang aking nais.

ORYANG: Naku, Señorita. Ako pa pala ang nagsulsol sa inyo.

*Matatawang muli ang dalawa.*

ORYANG: Baka bukas makalawa'y magkalaman na ang tiyan ninyo.

ISABEL: Hindi malayong mangyari.

ORYANG: Hindi ba't napakasarap, Señorita?

ISABEL: Tama ka, sa simula'y anong sakdal hapdi, ngunit ng lumao'y wala ng sasarap pa.

*Matatawang muli ang dalawa.*

ISABEL: Ngunit lubhang mahiyaain si Lemuel. Ayaw niyang bukas ang lampara. Ang nais niya'y sakdal dilim at ni walang maaninag. Ayaw rin niyang

ako'y hagkan. Kung hahawakan ko naman siya'y aayaw din. Bakit ganoon, Oryang?

ORYANG: Señorita, si Luisito ko ri'y ganyan sa simula. Tila napakaraming seremonyas. Ngunit ng lumao'y tila tigre na kung manlapa. *(Matatawa)* Kung minsan nga'y suko na akong talaga, hayu't tuloy pa rin daw, at lumalaban pa. Naku, Señorita, ang mga lalaki yata'y ganoon talaga, baka nama'y pinapakagat ka lamang sa pagiging misteryoso niya, ngunit kung ika'y nasa bitag na'y ikaw ang magmamakaawa't hihingi ng ilang minutong pahinga.

*Matatawa ang dalawa.*

*Didilim.*

**IKALIMANG TAGPO**

*Makikitang nasa labas ng silid si Lemuel. Nakasilip siya sa susian ng pintuan ng silid. Wala siyang suot ng pangitaas. Humahagikhik si Oryang na papasok sa pintuan. Matitigilan siya nang makita si Lemuel. Sa loob ng silid ay makikitang umiindayog na nakapatong si Isabel sa Señor. Madilim ang loob ng silid ngunit aninag pa rin na walang saplot si Isabel at ang Señor.*

ORYANG: Sino iyan? Lemuel?

LEMUEL: Bakit gabing-gabi ka na? Saan ka nanggaling?

ORYANG: Sa aking kasintahan, si Luisito. Alam na ng Señorita yaon. Huwag ka na lamang maingay sa Señor. *(Mapapabungisngis)* Ang sabi sa akin ng Señorita'y gabi-gabi daw. *(Mapapatawa)* Nakatutuwa kayo. Tila nahuli yata ang inyong pulot-gata. Siguro'y ilang buwan na lamang ay magdadalang tao na ang Señorita. Alam mo bang ako ang nagpayo sa Señoritang kausapin ka? Ngayo'y lubos na ang kaligayahan niya. *(Mapapatawa)*

ISABEL: *(Buhat sa loob ng silid)* Sige pa, Lemuel. Sige pa. Huwag kang titigil. Aaaah.

*Matitigilan si Oryang. Magmamadaling lumabas si Lemuel sa tahanan. May maririnig si Oryang na kaluskos sa loob ng silid kaya't magtatago siya. Makikita naman sa loob ng silid na nakapatong si Isabel sa Señor, walang saplot na pang-itaas. Nakahubo't hubad na tatayo ang Señor, magsusuot ng damit. Lalabas ang Señor sa silid at magugulat si Oryang. Hindi siya makikita ng Señor. Susunduin ng Señor si Lemuel sa labasan. Mauunang pumasok si Lemuel sa silid at tatabi kay Isabel. Papasok na rin sa pintuan ang Señor kaya't magmamadaling lumabas si Oryang. Lalabas ang Señor sa entablado.*

*Didilim.*

**IKA-ANIM NA TAGPO**

*Nagsusulsi ng alampay si Miding. Papasok si Oryang. Tatanawin lamang niya si Miding, tila may nais sabihin. Magsisimula siyang umiyak.*

MIDING: Anong iskandalo iyan, Oryang?

ORYANG: May nakita ako.

MIDING: Ano?

ORYANG: Anong sumpa ito?

MIDING: Ano ang problema mo, Gregoria?

ORYANG: Wala po. *(Magpapahid ng luha)*

MIDING: Putang ina, ako ba'y pinaglololoko mo?

ORYANG: Kung kayo po ba'y makakakita ng nakasusukang bagay ay ibubuyangyang niyo ba sa publiko o magaasal pipi na lamang at pabayaang magpatuloy ang karumihan?

MIDING: Anong pinagsasasabi mo?

ORYANG: Hindi ko alam kung ang nakita ko'y totoo o guni-guni ko lamang.

MIDING: Ano ang nakita mo?

ORYANG: Sa tanang buhay ko'y ngayon lamang ako nakatunghay ng labis na kahayupan.

MIDING: Diretsohin mo ako, Oryang. Nais mo na bang lumayas sa pamamahay na ito? Nais mo na bang mag-asawa? Anong kaululan ang nais mong gawin at samu't saring preludyo pa ang iyong binabanggit? Wala akong panahon sa istoryang gawa ng inutil mong imahinasyon.

ORYANG: *(Umiiyak)* Nana Miding.

MIDING: Ako ba'y di mo titigilan?

ORYANG: Ang Señor.

MIDING: At ano ang Señor?

ORYANG: Si Isabel.

MIDING: Putang ina Oryang.

ORYANG: Kaawaan ng Diyos ang pamilyang ito.

*Yuyugyugin ni Miding si Oryang.*

MIDING: Oryang! Magsalita ka! Magsalita ka!

ORYANG: Nahuli kong nakikipagtalik ang Señor sa kanyang anak! Nakikipagtalik siya kay Isabel.

*Mapapasigaw si Miding. Sasampalin niya si Oryang. Tila inaabot pa niya ang buhok ni Oryang ngunit nahawakan ni Oryang ang kanyang kamay.*

ORYANG: Hindi alam ni Isabel. Anong sakdal dilim, kaya't ang alam niya'y si Lemuel ang pumapangibabaw sa kanya. Maniwala kayo, Nana Miding.

MIDING: Putang ina mo! Sino ka para gumawa ng ganyang kademonyohan?

ORYANG: Isusuplong ko sa awtoridad ang demonyong Segismundo na yan. Sisiguraduhin kong bibigtihin siya sa plaza. Bibigtihin siya sa plaza.

*Akmang lalabas si Oryang ngunit mababalot ng takot ang mukha ni Miding kaya't isasakal niya kay Oryang ang alampay na sabit sabit sa kanyang leeg. Sasakalin niya si Oryang hanggang malagutan ito ng hininga.*

MIDING: Para sa mahal ko'y papatay ako. Walang makagagalaw kay Segismundo, ang sino mang sumubok ay pagkakalooban ko ng pinakamapait na sumpa. *(Mapapasigaw). (Kay Oryang)* Hihimlay ka, lapastangan, sa aparador na naiwan ni Milagros. Habang buhay kang hihimlay doon, bangkay. Doon mo isiwalat ang lihim mong nakasusuklam.

*Lalabas si Miding sa entablado, hila-hila si Oryang.*

*Magpapalit-palit ng ilaw na patunay ng pagdaan ng mga araw.*

*Papasok ang Señor.*

SEÑOR: Miding! Oryang! Lintik na. Nasan ang mga tao dito?

*Papasok si Miding, may dalang tasa ng kape.*

MIDING: Wala na si Oryang. Lumayas kahapon. Marahil ay nakipagtanan na sa kasintahan niyang kolektor ni Señor Godofredo. Walang pinagpaalaman kahit na sino. Nagiwan lamang ng sulat sa tukador ko.

SEÑOR: Mabuti nga't umalis na ang Oryang na yan. Nagiging inutil. Para akong nagbabayad sa palamunin.

MIDING: Heto na ang kape nyo.

SEÑOR: Ano ang naaamoy kong tila masangsang? Hindi mo ba naaamoy iyon? Naglason ka ba sa daga? Hanapin mo nga, Miding.

MIDING: Señor, alam ko na ang lahat.

SEÑOR: Ano?

MIDING: Ang lahat-lahat.

SEÑOR: Putang ina, Miding, wala akong panahon sa kahit anong kabulastugan. Dalawa pa ang eembalsamuhin namin pagkatapos ng kape ko.

MIDING: Si Isabel. Anak mo siya, Segismundo. Bakit mo nagawa iyon?

SEÑOR: Aba, ang hayup na ito.

MIDING: Minahal kita, Segismundo. Hanggang ngayo'y umaasa akong tutumbasan mo ng ni-katiting na pagmamahal ang lahat ng sakripisyo ko.

SEÑOR: Wala kang karapatang manghimasok sa mga desisyon ko. Dapat malaman ng alila ang limitasyon ng kaniyang paninilbihan. Alila kitang tinanggap dito, punyeta ka! Kaya't alila kang makikitungo sa iyong Panginoon. Pangibabawan ka ng hiya! Kung mangusap ka'y tila ikaw si Milagros, ni katiting naman ng ganda niya'y hindi mo naangkin. Wala kang pakialam sa pamilyang Corintho. Hindi ka kabilang dito. Kung sa pinakamalalim mong panaginip ay pinayagan kang makipamuhay sa tahanang ito, hindi papayagan ng panaginip na yaon ang iba pang benepisyong hindi nababagay sa katayuan mong sakdal baba. Pagmamahal? *(Matatawa)* Ni ang aso'y hindi tatanggap ng pagmamahal na binabanggit mo. Masahol ka pa sa burak, kung tutuusin kaya't ang lahat ng sakripisyong binabanggit mo, kung mayroon ma'y magindapat sa lupang kagaya mo.

MIDING: Isa ka ng demonyo, Segismundo. Hindi ka na tao.

SEÑOR: Putang ina mo! *(Sasampalin si Miding)* Nagsisilbi ka sa demonyo kaya't mas hamak na demonyo ka!

MIDING: *(Umiiyak)* Ang puso mo'y itim. Pati dugo mo'y itim. Ang budhi mo'y itim. Nababalot ka ng kadiliman kaya't masahol ka pa sa pinakahayup. Ngunit inibig pa rin kita. Iniibig pa rin kita. At hindi ko na iyon kailanman ikahihiya. Minahal mo ba akong tunay? Ang tingin mo sa

akin sa likod ng kamalig. Ang iyong mga halik. Ang ngiti mo noon na kung susumahi't paguugnayin ay kabuuan ng lahat kong pangarap. Ano iyon, Segismundo? Hindi iyon mga panaginip. Totoong naganap ang lahat ng iyon. Klaro pa sa tubig-batis ng Capizares ang lahat ng iyon sa aking puso't isipan. Sabihin mong inibig mo ako noon. Sabihin mong iniibig mo pa rin ako ngayon. Kakalimutan ko ang lahat ng hampas sa iyo ni Lucifer, kakalimutan ko ang kahayupang lubos mong taglay. Ibigin mo lamang ako. Gawin mo akong Corintho. Ibibigay ko sa iyo ang aking buhay. Gawin mo lamang akong Corintho.

*Hahalikan ni Miding ang Señor sa labi. Itutulak ng Señor si Miding at mapapasubsob ang huli sa sahig. Matatawa ang Señor. Mauuwi sa halakhak. Mahabang mahabang halakhak. Hahatakin niya sa salamin si Miding.*

SEÑOR: Humarap ka sa salamin, ambisyosang alila!

*Tatawang muli ang Señor. Lalabas ng entabladong tuloy-tuloy ang halakhak.*

*Maiiyak si Miding. Gagawa ng mga nakapangingilabot na tunog na tila taghoy ng mga hayup. Maririnig ang kulog. Papasok si Isabel.*

ISABEL: Nana Miding. Nana Miding. Bakit? Ano ang nangyari?

MIDING: Nabalot na ng lagim ang tahanang ito. Marahil ang lahat ng masasamang kaluluwa na ibinurol sa Funeraria ay nagsanib upang kulakuban tayo ng mga sumpa.

ISABEL: Ano ang sinasabi niyo?

MIDING: Mamayang gabi kapag nagtalik kayo ni Lemuel, buksan mo ang lampara sa tabi ng kama. Alam kong ayaw ni Lemuel ng ilaw habang kayo'y nagniniig. Ngunit gawin mong kataliwasan ang gabing ito. Sa liwanag ay makikita mo ang kadilimang dulot ng diablo. Ang kademonyohang sisikil sa bawat mong gunita. At kaiinggitan mo ang mga bangkay na ibinurol dito. Kaiinggitan mo ang mga bangkay at aasamin mong maging bangkay ka na rin!

*Didilim.*

**IKAPITONG TAGPO**

*Makikitang nagtatalik ang Señor at si Isabel sa kama. Nasa sala namang naghihintay si Lemuel. Bubuksan ni Isabel ang lampara sa tabi ng kama at lalantad sa kanyang harapan ang mukha ng Señor.*

ISABEL: Papa?

*Tila masusuka si Isabel.*

ISABEL: Demonyo! Demonyo! Demonyo!!!

*Kukunin ni Isabel ang baril sa ilalim ng kanyang unan at babarilin ang ama. Hahandusay si Señor sa paanan ng kama. Magugulat si Lemuel at papasok siya sa silid. Tuloy sa pagsigaw at pagiyak si Isabel.*

LEMUEL: Patay na ang Señor. Patay na ang Señor. Malaya ka na, Isabel. Malaya na tayo! *(Mapapatawa)* Akin na ang Funeraria Corintho. Akin na ang Funeraria Corintho! *(Mapapatawa)* Ngayon na ang simula ng aking retribusyon. Ngayon ang simula ng Funeraria Alonzo *(Mapapatawa)*

*Itututok ni Isabel ang baril kay Lemuel, kakalabitin ang gatilyo. Bubulagta si Lemuel. Sisigaw ng muli si Isabel. Dali-daling tatakbo papasok ng silid si Miding. Sisigaw si Miding.*

MIDING: Segismundo! Segismundo! Segismundo!!!

*Kukunin ni Miding ang baril na naiwan ni Isabel sa kama. Babarilin ang sarili at bubulagtang nakayakap kay Segismundo. Hahandusay na iiyak ng walang tunog si Isabel. Maya-maya'y maba-blangko ang mukha at unti-unting ngingiti.*

***Didilim.***

*Tabing.*

*Wakas.*